

Republika ng Pilipinas
 Lalawigan ng Silangang Mindoro
 BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-25 NG ABRIL 1994, 9:05 NG HENAGA DITO SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Kgg. Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Crisencio S. Calma	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Bernabe S. Mortel	
Kagawad Cosme T. Mores, Jr.	
Kagawad Ramulfo C. Bernal	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	- Pangulo, ABC
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- SK Chairman

Absent:

N O N E

ORDINANSA BLG. 01
 Taong 1994

✓ ISANG KAUTUSANG BAYAN O ORDINANSA NA NAGTATAKDA NG PAGGAWAD NG LINYA O PRANOKESA PARA SA MGA DE MOTOR NA TRICYCLE AT NAGTATAKDA NG MGA ALITUNTUNIN AT KAUKULANG PARUSA SA MGA PAGLABAG DOON AT IBA PANG MGA BAGAY ALINSUNOD SA MGA TADHA NA NG SECTION 447 (3)(IV) NG BAGONG LOCAL GOVERNMENT CODE.

IPINAG-UUTOS NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA:

ARTIKULO I

Pamagat o Titulo ng Ordinanza

Pangkat 1 - Ang Ordinansang ito ay tatawaging Pambayang Alituntunin sa pamamasada ng mga tricycle na de-motor sa Bayan ng Roxas.

ARTIKULO II

Pagtatatag ng TRICYCLE FRANCHISING REGULATORY COMMITTEE, Komposisyon at tungkulin nito.

Pangkat 2 - Sa bisa ng ordinansang ito ay itatatag ang Tricycle Franchising Regulatory Committee (TRFC) na bubuuin ng isang Chairman at tatlong kasapi. Ang Chairman at dalawang kasapi ay mga Kagawad ng Sangguniang Bayan na pipiliin nila sa pamamagitan ng nakararaming boto (majority vote). Ang ikaapat na miyembro ay ang ingatyaman ng bayan ng Roxas.

Pangkat 3 - Ang TRFC ay binibigyan ng kapangyarihan na siyang mangasiwa sa paggagawad ng prangiosa sa mga operator ng tricycle na de motor, bagama't ang anumang paghahabol ukol doon ay maaaring iharap sa Punong Bayan.

ARTIKULO III

Pangangailangan ng Prangkesa

- Pangkat 4 - Ang lahat ng naggamay-ari ng pamasadang tricycle na de-motor sa bayang ito ay dapat kumuha hindi lamang ng kinakailangang Mayor's Permit kundi higit sa lahat ay ang kaukulang prangkesa bago sila makapamasada.

ARTIKULO IV

Mga kailangang sa Pagkuha ng Prangkesa

- Pangkat 5 - Sa pagkuha ng prangkesa ay dapat na ang may-ari ng tricycle ang maghain ng kaukulang kahilingan o aplikasyon sa TFRC na ang gagawing pormularyo ay manggagaling sa Munisipyo ng Roxas.
- Pangkat 6 - Ang kahilingan ay dapat lakipan ng kopya ng certificate of registration (CR) ng tricycle at ng kopya ng Official Receipt (OR) sa pagbabayad ng rehistro ng tricycle ng kopya ng anumang dokumento ng pagpapatunay na ang aplikante ay isang Pilipino. Ito ay maaaring Birth Certificate, Voter's ID o kaya'y sertipikasyon ng Mayor o Barangay Captain na ang aplikante ay Pilipino.
- Pangkat 7 - Bukod sa mga pangangailangang binanggit sa sinundang pangkat ay kailangan ding magharap ang sinundang aplikante ng Barangay Clearance buhat sa Kapitan ng Barangay ng aplikante na nagpapatotoo na siya ay mabuting tao at may mabuting pag-uugali, medical certificate buhat sa Municipal Health Officer, kopya ng insurance ng tricycle at sertipikasyon ng Municipal Engineer na nagpapatotoo na ang sasakyan ay road worthy.
- Pangkat 8 - Sa sandaling maghain ng kahilingan ay magbabayad ang aplikante ng mga halagang dapat bayaran na nakasaad sa bagong Revenue Code ng bayan ng Roxas.

ARTIKULO V

Mga Alituntunin

- ✓ Pangkat 9 - Ang mga pampasadang tricycle ay maaaring ipasada sa alinang lugar sa Roxas na walang takdang linya o ruta. Ngunit hindi iyon maaaring gumamit ng mga lansangang Nasyonal maliban sa pagbagtas o pagtawid doon.
- Pangkat 10 - Walang driver na maaaring magpasada o naggamay ng tricycle kung siya ay walang kaukulang Professional Driver's License.
- Pangkat 11 - Ang driver/operator ay dapat sumunod sa mga kautusan at alituntuning itinakda rito at sa lahat ng mga batas trapiko at mga regulasyon na may kinalaman sa pagpapatakbo ng mga sasakyang de-motor.
- ✓ Pangkat 12 - Ang pasahero na dapat singilin ng driver/operator sa mga pasahero ay halagang ₱5.00 para sa unang ^{limang} (5) kilometro at may dagdag na ₱1.00 sa bawat susunod na kilometro, maliban kung ang taripang ito ng pasahero ay baguhin ng TFRC pagkatapos na iyon ay nagkaroon ng Public Hearing. Ang kaukulang taripa ng pasahero ay dapat nakapaskel o naka-display sa loob ng sasakyan na mababasa ng pasahero.
- Pangkat 13 - Ang prangkesa ay magkakabisa sa loob ng dalawang (2) taon simula sa pagkuha nito at iyon ay maaaring ipagpatuloy o mag-

renew. Ang kapasyahan ng TFRC ukol doon ay maaring ipaghabol sa Punong Bayan.

ARTIKULO VI

Iba pang Alituntumin

- Pangkat 14 - Ang lahat ng tricycle operator/driver ay dapat magkabit sa kanilang side car ng plakang galing sa Munisipyo bukod pa sa plaka na galing sa ITO.
- Pangkat 15 - Ang TFRC ang siyang magasaayos ng paradahan (parking space) ng mga pamasadang de motor na tricycle.
- Pangkat 16 - Ang TFRC ay binibigyan ng kapangyarihan na magtakda ng dami ng pasahero at kargamento na isasakay ng bawat tricycle.

ARTIKULO VII

Transitory Provisions

- Pangkat 17 - Sa sandaling mapagtibay ang kautusang ito, ang TFRC ay mag-iimbentaryo ng dami ng bilang ng tricycle sa bayang ito. Kaya ipinag-uutos sa lahat na may pamasadang tricycle dito na sila'y mag-report kaagad sa TFRC upang sa paggagawad ng prangkesa sa mga kinaukulan ay mapabilang sila sa mga dapat bigyan.
- Pangkat 18 - Pagkatapos ng imbentaryo ng mga tricycle, ang TFRC ay gagawa ng masusing pag-aaral upang tiyakin ang bilang ng tricycle na dapat ipamasada sa bayang ito upang iyon ay irekomenda sa Sangguniang Bayan at makapag-pasiya ito ukol sa kung ilan ang dapat na pahintulutan na makapamasada at upang sa gayon naman ay mabigyan ng proteksyon, hindi lamang ang mga pasahero o "riding public" kundi gayundin ang may-ari ng tricycle, sa pamamaraang hindi naman sila malulugi sa kanilang pamumuhunan sa pagkakabili ng tricycle.
- Pangkat 19 - Pagkatapos din ng naulit na imbentaryo at naitakda ng Sanggunian ang bilang ng tricycle na dapat mamasada ay itataning ang takdang bilang na dapat mabigyan ng prangkesa sa susunod pang aplikante.

ARTIKULO VIII

Parusa sa mga Paglabag

- Pangkat 20 - Ang simmang lalabag sa mga alituntuning nakasaad dito ay parurusahan ng multang hindi hihigit sa ₱2,500.00 o pagkabilanggo ng hindi hihigit sa anim (6) na buwan o kaya ang dalawang parusang ito ayon sa pasya ng hukuman.

ARTIKULO IX

Pagkakabisa


- Pangkat 21 - Ang kautusang ito o Ordinansa ay magkakabisa sampung (10) araw matapos na ito ay mapagtibay.


Sa mungkahi ni Kagawad Ferdinand V. Talens at pinangalawahan nini Kagawad Bernabe S. Mortel.

Ang kautusang ito ay lubos na pinagtibay.


PINATUTUNAYAN KO ang kawastuan ng ordinansang ito.

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINACTIBAY:


GELACIO I. YASON
Punong-Bayan

mercy/

SP
Approved: Aug. 16, 1994
SP 183-94